# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 31, 2021, LUNES, IKA-01:00 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RELEASED NAME DATE TIME OFFICE OF THE SANGG. STA. CRUZ LAG.

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 16 JUN 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 275-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG 9-T2021 NG EXECUTIVE COMMITTEE NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PROGRAMANG VACCINATION FOR COVID-19 PANDEMIC SA HALAGANG Php100,000,000.00 AT CASH ASSISTANCE TO FAMILIES DURING COVID-19 PANDEMIC SA HALAGANG Php58,000,000.00 AT ILAGAY ANG PROGRAMA SA LANDBANK LOAN NA MAY KABUUANG HALAGANG Php158,000,000.00 PARA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** dahilan sa patuloy na paglaganap ng Corona Virus sa buong mundo, kasama ang ating bayan na malaki ang naging epekto pagkalipas ng isang taon, na marami ang nawalan ng hanapbuhay at pagkakakitaan kaya ang Pamahalaang Bayan ay gumawa ng hakbangin na matulungan ang mga mamamayan para sa kanilang kaligtasan;

**SAPAGKAT**, upang mapangalagaan ang kalusugan ng mga mamamayan na nagdudulot ng pagkabahala sa ating bayan, ang Pamahalaang Bayan ay naglunsad ng programang "Bakuna sa Kabisera" upang maiwasan o maibsan ang pagkalat nito sa pamamagitan ng libreng bakuna sa mga barangay na kailangan ng ating mamamayan;

**SAPAGKAT**, nagkaroon ng pagpupulong ang Municipal Development Council noong Abril 19, 2021 upang pag-usapan ang tungkol sa programang ilalagay sa Land Bank Loan na may halagang Php158,000,000 bilang pang-abang ayuda sa mamamayan;

**SAPAGKAT,** noong Abril 28, 2021 ay nagkaroon ng pagpapatawag sa bumubuo ng EXECOM ng Municipal Development Council upang muling talakayin ang paggagamitan ng halagang Php158,000,000.00 na ilalagay sa Land Bank Loan - ang halagang Php100,000,00.00 para sa Vaccination dahilan sa dumaraming nagnanais magpabakunang mamamayan at halagang Php58,000,000.00 para sa ayuda;

**SAPAGKAT,** noong Mayo 12, 2021 ang Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis ay nagpatawag ng Di-Karaniwang Pulong ng Sangguniang Bayan upang talakayin ang napagtibay ng EXECOM ng Municipal Development Council ng Santa Cruz, Laguna na may petsa Abril 28, 2021 hinggil sa programang Vaccination para sa Covid-19 na may halagang Php 100,000,000.00 at Cash Assistance sa mga pamilyang na may halagang Php58,000,000.00;

**SAPAGKAT**, sa ginanap na Di-Karaniwang Pulong ay napagkasunduan ng bumubuo ng Sangguniag Bayan na kailangang ipaalam at ipabatid sa bumubuo ng Local Development Council ang pinag-usapan sa EXECOM;

**SAPAGKAT**, muling nagpatawag ng pagpupulong para sa bumubuo ng Municipal Development Council noong Mayo 14, 2021 upang ipabatid ang tungkol sa napagkasunduan ng pulong ng EXECOM

**SAPAGKAT,** dahilan sa kakulangan ng pondo ng Pamahalaang Bayan upang makabili ng gamot sa bakuna at mabigyan ang mga pamilya ng ayuda ay minarapat na umutang sa bangko upang tumugon sa mga programa sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna;

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN Kagawad

KGG. RAMON D. TAN Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON Kagawad

KGG. EFREN L. DIAZ Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW ABC Federation President

KGG. REGINE S. REGALADO SK Federation President

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO ,** sa mungkahi ni Kgg. Louie C. De Leon, na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar; Kgg. Ambiel John C. Panganiban; Kgg. Efren L. Diaz at Kgg. Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang KAPASIYAHAN BLG 9-T2021 NG EXECUTIVE COMMITTEE NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PROGRAMANG VACCINATION FOR COVID-19 PANDEMIC SA HALAGANG Php 100,000,000.00 AT CASH ASSISTANCE TO FAMILIES DURING COVID-19 PANDEMIC SA HALAGANG Php 58,000,000.00 AT ILAGAY ANG PROGRAMA SA LANDBANK LOAN NA MAY KABUUANG HALAGANG Php 158,000,000.00 PARA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Land Bank of the Philippines, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 31, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Teresa R. Labog

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN**
Kagawad

**KGG. EFREN L. DIAZ**
Kagawad

alan T. Pamatmat

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

all 158M for covid vaccine

**KGG. PATROCINIA S. KALAW**
ABC – Federation President

**KGG. REGINE S. REGALADO**
SK – Federation President

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Baya
6/15/21